Hindi papasok sa Impiyerno ang isang lalaking nakasaksi sa labanan sa Badr at Al-Ḥudaybīyah."}

Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi papasok sa Impiyerno ang isang lalaking nakasaksi sa labanan sa Badr at Al-Ḥudaybīyah."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad. Ang pinagmulan nito ay nasa Ṣaḥīḥ Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na hindi papasok sa Impiyerno ang sinumang nakadalo sa paglusob sa Badr na naganap noong ikalawang taon ng Hijrah bilang nakikipaglaban kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ni ang sinumang nakadalo sa kasunduang pangkapayapaan sa Al-Ḥudaybīyah, na naganap dito ang pangako ng katapatan ng Ar-Riḍwān noong ikaanim na taon ng Hijrah.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/11148